## Absence of Trust: Ang Unang Problema ng Mga Teams

Imagine this.

Team meeting. Tahimik lahat. Nagno-nod lang ang ulo ng mga tao. Agree dito, agree doon. Walang tumututol, walang nagtatanong.

Pero behind the scenes?

- Yung isang member, hirap na hirap sa task niya pero tahimik lang dahil ayaw niyang magmukhang incompetent.
- Yung isa, nagkamali last week, pero hinayaan na lang—"bahala na, baka di naman mapansin."
- Yung best performer mo, na-overwhelm na sa dami ng trabaho pero ayaw humingi ng tulong kasi nahihiya.

Mukhang maayos sa labas, pero ang totoo, puno ng takot ang team mo.

Ito ang **Absence of Trust**—ang unang dysfunction ng team. Walang nagkakatiwala. Walang gustong magpakatotoo. At kapag walang trust? Buhaghag ang samahan.

## Paano Makikita ang Absence of Trust?

Hindi ito tungkol sa pagiging dishonest. Ang problema dito ay ang **takot magpakatotoo**.

- **Tinatahimik ang mistakes:** Imbes na aminin at ayusin, tinatago na lang.

- **Walang humihingi ng tulong:** Feeling nila, kapag humingi sila ng assistance, mukha silang mahina.
- **Walang nagtatanong:** Takot mapagalitan o magmukhang "walang alam."

Kapag ganito ang team, lahat naglalaro ng "defense mode." At ang resulta? Kanya-kanyang galaw. Walang solid teamwork.

### Bakit Mahalaga ang Trust?

Kapag walang trust, walang honesty. At pag walang honesty, puro tago.

Imagine yung dive guide na hirap sa bagong gear pero hindi magsasabi. Imbes na magpaturo, nagti-tiyaga. Sa next trip? Palpak ang dive dahil hindi naayos ang problema.

Ang trust ang **pundasyon** ng team. Kung wala ito, kahit gaano ka-galing ang mga tao mo, hindi sila magwo-work nang maayos.

### Paano Maaayos ang Absence of Trust?

### 1. Ikaw ang Mauna

Kung gusto mong magpakatotoo ang team, ikaw muna ang magpakatotoo.

- Sabihin mo kapag nagkamali ka.
  *"Guys, nagkulang ako sa pag-manage ng schedule last month. Ang daming sablay, pero natutunan ko ito: [lesson]."*
- Aminin mo kapag di mo alam ang sagot.
  *"Honestly, hindi ko rin alam ang tamang gawin dito. May suggestions ba kayo?"*

Kapag nakita nilang hindi ka perfect, mas magiging comfortable sila na magpakatotoo rin.

**2. Magkwentuhan, Hindi Lang Trabaho**

Hindi pwedeng puro trabaho ang usapan. Maglaan ng oras para mag-connect as people.

Try this exercise:

- Tanungin bawat isa sa meeting:
  1. Saan sila lumaki?
  2. Ano ang pinakamalaking challenge nila na nalagpasan?
  3. Ano ang gusto nilang contribution sa team?

Simple lang, pero ang laki ng epekto. Kapag mas nakilala nila ang isa’t isa, mas lalaki ang tiwala nila.

**3. Huwag Parusahan ang Honesty**

Kapag may umamin ng pagkakamali, anong reaction mo?

Kung sisihin o pagalitan mo sila, wala nang aamin ulit. Patay ang trust.

Instead, i-celebrate ang honesty:

- *"Salamat sa pag-share niyan. Ngayon, alam na natin ang gagawin para maayos."*
- *"Appreciate ko na sinabi mo yan. Let's work on this together."*

Kapag naramdaman nila na safe maging honest, mas magiging bukas ang team mo.

**4. Mag-Build ng Connection sa Labas ng Meeting**

Ang tiwala, hindi nabubuo sa meeting room lang. Nabubuo yan sa maliliit na moments:

- Yung tawanan sa boat pagkatapos ng dive.
- Kwentuhan over coffee tungkol sa personal na buhay.

Gumawa ng oras para mag-connect as people. Hindi lang bilang coworkers.

**Paano Malalaman Kung Gumagana na?**

Kapag may trust na, mapapansin mo ito:

- Aamin agad ang mga tao kapag nagkamali.
- Hindi na sila takot humingi ng tulong.
- Open na sila magbigay at tumanggap ng feedback.

Kapag may tiwala na, collaboration stops being a struggle. Magiging natural na.

## Final Thoughts

Ang trust ang pinaka-pundasyon ng bawat team. Kung wala ito, walang maaasahan.

Pero good news: Ang trust, nabubuo. Isa-isa. Hakbang-hakbang. Vulnerability by vulnerability.

Ikaw ang mag-set ng tone. Ikaw ang mauna. Magpakatotoo. Mag-share. Mag-connect.

Kapag ginawa mo ito, magbabago ang dynamics ng team mo. At makikita mo, ang dati nilang takot? Unti-unti, mawawala.
Tiwala ang magdadala sa inyo sa next level.